

Programang Pagpapatingin ng Kalusugang Pansanggol

Iba ang pagpapatingin ng kalusugang pansanggol sa mga pagpapatingin ng kalusugan ng matatanda at napakaimportante lalo ng papel ng tagapag-alaga!

Naghahandog ang Pambansang Serbisyong Segurong Pangkalusugan ng mga pagpapatingin ng kalusugan akma sa edad (kabilang ang mga pisikal na pagsusukat, edukasyon sa kalusugan, pagtataya ng pag-unlad, at pagpapayo) para sa mga sanggol at maliliit na bata mula 14 na araw hanggang 71 buwang gulang. Tuloy-tuloy na sinusubaybayan ng mga pagpapatingin ito ang paglaki at mga batong-milyahe ng pag-unlad upang makatulong sa pagprotekta ng kalusugan ng mga bata.

Pangkalahatang-ideya

- **Pagiging karapat-dapat: Mga sanggol at maliliit na batang mas bata sa 6** (mga tagasuskrito ng segurong pangkalusugan at mga benepisyaryo ng tulong medikal)
- **Tunguhin:** Subaybayan ang paglaki at mga batong-milyahe ng pag-unlad ng mga sanggol at maliliit na bata
- **Uri:** Pangkalahatang pagpapatingin ng kalusugang pansanggol (kabilang ang pagsasala ng pag-unlad) at mga pagpapatingin ng ngipin
- **Siriling bulsa:** Libre kung isasagawa ang pagpapatingin sa loob ng itinalagang panahon

※ Maaaring gamitin ang mga pagpapabatid ng resulta ng pagpapatingin ng kalusugan ng sanggol at maliliit na bata para sa pagsusumite sa mga sentro ng pang-araw na pangangalaga at kindergartens.

Dalas ng pagpapatingin

Dalas	Una	Ikalawa	Ikatlo	Ikaapat	Ikalima	Ikaanim	Ikapito	Ikawalo
Pagpapatingin ng kalusugan	14 hanggang 35 araw pagkatapos ng kapanganakan	4 hanggang 6 na buwan	9 hanggang 12 buwan	18 hanggang 24 na buwan	30 hanggang 36 na buwan	42 hanggang 48 buwan	54 hanggang 60 buwan	66 hanggang 71 buwan
Pagpapatingin ng ngipin	-	-	-	18 hanggang 29 na buwan	30 hanggang 41 buwan	42 hanggang 53 buwan	54 hanggang 65 buwan	-

Mga puntiryang kondisyon

	Mga larangan ng pagpapatingin*	Paraan ng pagpapatingin
Mga diperensya sa paglaki	Pagkaantala ng pag-unlad, labis sa timbang, labis na katabaan, microcephaly (ulong labis ang liit), at macrocephaly (ulong labis ang laki)	Mga pisikal na pagsusukat: Tangkad, timbang, at tikop ng ulo
Kaalanganan sa pag-unlad	Kapansangang pangkaisipan, diperensya sa ispekto ng autismo, cerebral palsy, mga diperensya sa wika, at mga diperensya sa pag-uugali	Pagsusuri ng pag-unlad
Mga aksidente	Mga aksidenteng pantrapiko, biglaang pagkamatay habang natutulog, mga lokal na aksidente, pagkalunod, at pagkalason	Edukasyon sa kaligtasan at edukasyon sa pagtulog
Nutrisyon	Malnutrisyon at labis na nutrisyon	Edukasyon sa nutrisyon
Kaalanganan sa pandinig	Pagkawala ng pandinig	Talatanungan sa pagsasala ng pandinig
Sira sa paningin	Kataratang sapul sa pagkabata, amblyopia (matang tamad), strabismus (duling), myopia (korta-bista o nearsightedness), at astigmatism	Talatanungan sa taan ng paningin at pag-iiksamin ng paningin at mata
Mga diperensya sa ngipin	Pagkabulok ng ngipin, pamamaga ng gilagid, at mga kaalanganan sa ngipin	Pag-iiksamin ng ngipin at edukasyon sa kalusugang pambibig

*Mga larangan ng pagpapatingin: Tumutukoy sa mga sakit na mapipigilan sa pamamagitan ng mga pagpapatingin ng kalusugan

Mga pamamaraan ng pagpapatingin

1 Humanap ng institusyon para sa pagpapatingin ng kalusugan

Mangyaring siguruhing gumawa ng **tipanan nang maaga** at kumpletuhin ang pagpapatingin sa loob ng libreng panahon, dahil maaaring mapuno nang maaga ang mga tipanan depende sa institusyon para sa pagpapatingin ng kalusugan.

- Pook-sapot (www.nhis.or.kr) → MOA ng Kalusugan → Humanap ng Institusyon/Ospital para sa Pagpapatingin ng Kalusugan
- Galang app (Ang Segurong Pangkalusugan) → MOA ng Kalusugan → Humanap ng Institusyon/Ospital (Klinika) para sa Pagpapatingin ng Kalusugan

2 Aplikasyon

Mangyaring dalhin ang ID ng tagapag-alaga o tarheta ng segurong pangkalusugan

3 Sagutan ang talatanungan/papel para sa pagsusuring nagsasala ng pag-unlad

Kumpletuhin nang maaga ang talatanungan/papel para sa pagsusuring nagsasala ng pag-unlad sa pamamagitan ng pook-sapot/galang app o sa institusyon para sa pagpapatingin ng kalusugan sa araw ng pagpapatingin.

- **Pagkumpleto nang maaga ng talatanungan/papel para sa pagsusuring nagsasala ng pag-unlad**

- Pook-sapot ng NHS (www.nhis.or.kr) → MOA ng Kalusugan → Pamamahala ng Kalusugan ng Pamilya → Pagla-login gamit ang Sertipiko → Kumpletuhin ang Talatanungan/Papel para sa Pagsusuring Nagsasala ng Pag-unlad
- Galang app (Ang Segurong Pangkalusugan) → MOA ng Kalusugan → Kalusugan ng mga Bata (Pagpapatingin) → Pagla-login gamit ang Sertipiko → Complete the Questionnaire/Developmental Screening Test Form

※ Makukuha lamang ang serbisyong ito kapag mabeberipka ang kaugnayan ng sanggol/ maliliit na bata at tagapag-alaga (legal na kinatawan).

<Gabay sa Talatanungan/Papel para sa Pagsasala ng Pag-unlad para sa mga Pamilyang Multikultural sa Maraming Wika>

Pook-sapot (www.nhis.or.kr) → Mga Serbisyong Sibil → Gabay sa Serbisyong Sibil → I-download ang mga papel mula sa menu ng Mga papel, sagutan ang mga ito, at isumite sa institusyon para sa pagpapatingin ng kalusugan.

4 Pagpapatingin ng kalusugan

Tutugon ang pagpapatingin ng kalusugan ng sanggol at maliliit na bata sa **edad sa buwan** ng iyong anak.

5 Tanggapin ang pagpapabatid ng resulta ng pagpapatingin ng kalusugan

Pagkatapos makumpleto ang pagpapatingin, **ipapadala** sa iyo ng **institusyon para sa pagpapatingin ng kalusugan** ang pagpapabatid ng mga resulta.

Suportang pinansiyal para sa malalim na pagtataya ng pag-unlad ng mga sanggol at maliliit na bata

- Naghahandog ang estado at mga lokal na pamahalaan ng suportang pinansiyal para sa malalim na pagtataya ng pag-unlad ng mga sanggol at maliliit na batang inirekomendang sumailalim sa "malalim na pagtatasa" batay sa mga resulta ng kanilang pagsasala ng pag-unlad.

※ Para sa mga detalye ng pagiging karapat-dapat at suportadong halaga, magtanong sa pinakamalapit na sentro ng pampublikong kalusugan

• Humanap ng ospital/klinika para sa pagpapatingin ng kalusugan

- Pook-sapot (www.nhis.or.kr) → MOA ng Kalusugan → Humanap ng Institusyon/Ospital para sa Pagpapatingin ng Kalusugan → Impormasyon sa Ospital/Klinika → Humanap ng Institusyong Medikal para sa Malalim na Pagtataya ng Pag-unlad ng mga Sanggol at Maliliit na Bata

Mga katanungan

- **Mga katanungan tungkol sa programa** (Pambansang Serbisyong Segurong Pangkalusugan)

☎ **1577-1000** (laktod numero 6 para sa konsultasyon sa ibang mga wika)

☎ **033-811-2000** (may makukuhang konsultasyon sa wikang Ingles, 中國語, tiếng Việt, O'zbekcha)

- **Mga serbisyong pagpapaliwanag at pagsasalin para sa mga pamilyang multikultural** (Surian para sa Malusog na Pamilya ng Korea)

☎ **1577-1366** (Sentro ng Tawag ng Danuri)

